Mensahe Tatlo

# Ginagawang mga disipulo ang Lahat ng Bansa sa pamamagitan ng Pagbabautismo sa Kanila tungo sa Pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 28:16-20

## I. "Lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa Akin"—Mat. 28:18:

A. Ang Diyos ang pinakamataas na awtoridad, at taglay Niya ang lahat ng awtoridad—Roma 9:20-21:

1. Ang awtoridad ay nagmumula sa sarili mismo ng Diyos—Apoc. 22:1.
2. Ang lahat ng awtoridad—pampamahalaan, pamposisyon, at espiritwal—ay nagmumula sa Diyos—Gen. 9:6; Roma 13:1-7; Juan 19:10-11; 2 Cor. 10:8; 13:10.

B. May dalawang aspekto ng espiritwal na awtoridad:

1. Ang positibong aspekto ay ang paglingkuran ang mga banal, pastulin sila, tustusan sila, at itayo sila—Mat. 20:25-28; 2:6; 24:45; 2 Cor. 10:8.
2. Ang negatibong aspekto ay ang tuusin ang kaaway at ang mga bagay na may kaugnayan sa kanya.

C. Sa Kanyang pagkadibino, bilang bugtong na Anak ng Diyos, ang Panginoon ay may awtoridad sa lahat—Mat. 28:18.

D. Gayunpaman, sa Kanyang pagkatao, bilang Anak ng Tao at Hari ng makalangit na kaharian, ang awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay sa Kanya pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli.

## II. "Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo"—b. 19:

A. Dahil ang lahat ng awtoridad ay ibinigay sa Kanya (b. 18), isinugo ng makalangit na Hari ang Kanyang mga disipulo upang gawing mga disipulo ang lahat ng bansa.

B. Humahayo sila taglay ang Kanyang awtoridad.

C. Ang gawing mga disipulo ang mga bansa ay ang gawing mga tao ng kaharian ang mga pagano para sa pagtatatag ng Kanyang kaharian, na siyang ekklesia, maging sa ngayon, sa lupa.

D. Dinadala ng bautismo ang mga nagsisising tao palabas sa kanilang lumang kalagayan tungo sa isang bagong kalagayan sa pamamagitan ng pagtapos sa kanilang lumang buhay at pagpapasibol sa kanila ng bagong buhay ni Kristo upang sila ay maging mga tao ng kaharian.

E. Ang *tungo* ay nagpapahiwatig ng pakikipag-isa, gaya ng nasa Roma 6:3 at Galacia 3:27:

1. Ang parehong salitang Griyego ay ginamit sa Mga Gawa 8:16; 19:5; at 1 Corinto 1:13, 15.
2. Ang bautismuhan ang mga tao tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang dalhin sila tungo sa espiritwal at mistikong pakikipag-isa sa Kanya.

F. May iisang pangalan para sa Dibinong Trinidad:

1. Ang pangalan ay ang kabuoan ng Diyos Mismo, katumbas ng Kanyang persona.
2. Ang bautismuhan ang isang tao tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang ilubog siya tungo sa lahat ng kung ano ang Tres-unong Diyos.

G. Para sa pagbubuo ng kaharian, inihahayag ng Mateo ang realidad ng Dibinong Trinidad sa pagbibigay ng isang pangalan para sa lahat ng tatlo—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu:

1. Sa pambungad na kapitulo ng Mateo, ang Espiritu Santo (1:18), si Kristong Anak (b. 18), at ang Diyos Ama (b. 23) ay naroroon para sa pagbubunga ng taong si Hesus (b. 21), na bilang si Jehovah na Tagapagligtas at Diyos na kasama natin, ay ang mismong pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos.
2. Sa kapitulo 3, ang Mateo ay naglalahad ng isang tagpo kung saan ang Anak ay nakatayo sa tubig ng bautismo sa ilalim ng bukás na langit, ang Espiritu na parang isang kalapati ay bumaba sa Anak, at ang Ama ay nagsalita sa Anak mula sa kalangitan—bb. 16-17.
3. Sa kapitulo 12 ang Anak, sa persona ng tao, ay nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng Espiritu upang ipasok ang kaharian ng Diyos Ama—b. 28.
4. Sa kapitulo 16, inihayag ng Ama ang Anak sa mga disipulo para sa pagtatayo ng ekklesia, na siyang pulso ng buhay ng kaharian—bb. 16-19.
5. Sa kapitulo 17, ang Anak ay pumasok sa pagbabagong-anyo (b. 2) at pinagtibay ng salita ng kaluguran ng Ama (b. 5), pinapangyari ang paglalahad ng isang maliit na modelo ng pagpapakita ng kaharian (16:28).
6. Sa kalaunan, sa patapos na kapitulo ng Mateo, pagkatapos dumaan ni Kristo bilang huling Adam, sa proseso ng pagkapako sa krus, pumasok sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli, at naging Espiritung nagbibigay-buhay, Siya ay bumalik sa Kanyang mga disipulo sa atmospera at realidad ng Kanyang pagkabuhay na muli upang atasan silang gawing mga tao ng kaharian ang mga pagano sa pamamagitan ng pagbabautismo sa kanila tungo sa pangalan, sa persona, sa realidad, ng Dibinong Trinidad.
7. Ayon sa Mateo, ang mabautismuhan tungo sa realidad ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu ay para sa pagbubuo ng kaharian ng kalangitan.
8. Di-tulad ng makalupang lipunan, ang makalangit na kaharian ay hindi maaaring mabuoan ng mga tao ng laman at dugo (cf. 1 Cor. 15:50); maaari lamang itong mabuoan ng mga taong nailubog tungo sa pakikipag-isa sa Tres-unong Diyos at naitatag at naitayo sa Tres-unong Diyos, na naisagawa tungo sa kanila.

**III. “Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan”—Mat. 28:20:**

A. Ang turuan ang mga mananampalatayang ganapin ang lahat ng iniutos ng Panginoon ay para gawing mga disipulo ang lahat ng bansa—b. 19.

B. Ang makalangit na Hari ay si Emmanuel, ang Diyos na kasama natin—1:23.

C. Kaya, saanman tayo nagkakatipon tungo sa Kanyang pangalan, Siya ay nasa gitna natin—18:20.

D. Bilang gayon, hindi Niya kailanman at hinding-hindi Niya iiwan ang Kanyang mga mananampalataya.

E. Ang Mateo ay nagpapatunay na ang Panginoon, bilang Emmanuel, ay ang makalangit na Hari na patuloy na kasama ng Kanyang bayan hanggang sa Siya ay bumalik.

F. Ang kaganapan ng kapanahunan ay ang katapusan ng kapanahunang ito, na siyang panahon ng parousia ng Panginoon, ang pagdating ng Panginoon:

1. Ang salitang *kaganapan* ay nangangahulugan na mayroong proseso na madadala sa kakumpletuhan o katuparan.

2. Sa Mateo 28:20, *ang kaganapan ng kapanahunan* ay nagpapahiwatig ng katapusan ng kasalukuyang kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia.
3. Ang kaganapan ng kapanahunan ay magiging ang tatlo at kalahating taon ng matinding kapighatian—Dan. 12:4, 6-7, 9.
4. *Ang wakas* na isinalita sa Mateo 24:6 ay ang kaganapan ng kapanahunan, na siyang magiging ang tatlo at kalahating taon (ang huling kalahati ng ikapitumpung linggo) ng matinding kapighatian.
5. Ang kaganapan ng kapanahunan ay hindi ang katapusan ng mundo kundi ang kakumpletuhan ng kapanahunan ng ekklesia, ang kapanahunan ng biyaya; ang kapanahunang ito ay malapit na malapit nang makumpleto.
6. Ipinangako ng Panginoon na sa Kanyang pagkabuhay na muli ay makakasama natin Siya sa lahat ng araw, taglay ang lahat ng awtoridad, hanggang sa kaganapan ng kapanahunan, yaon ay, hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito.

*© 2024 Living Stream Ministry*